Mag-apply para makatanggap ng mga benepisyo ng Fresh Bucks sa 2022!

Magbubukas ang aplikasyon sa pampublikong lotto sa Oktubre 11, 2021.

Simula Oktubre 11 hanggang Oktubre 29, mag-apply para makatanggap ng mga benepisyo ng Fresh Bucks sa 2022.

Dapat mag-apply ang lahat para sa 2022 na taon ng mga benepisyo, kahit na ang aplikante ay isang kasalukuyang customer ng Fresh Bucks. Ang mga aplikante ay maaaring magsumite ng mga aplikasyon online o sa pamamagitan ng telepono at ang mga detalyeng ito ay magiging available sa SeattleFreshBucks.org sa Oktubre 1. Kinakailangan ang sumusunod na impormasyon para matukoy kung kwalipikado:

Bilang ng mga tao sa sambahayan.
Ang ibig sabihin ng "sambahayan" ay ang lahat ng taong naninirahan kasama ang isang aplikante na nag-aambag sa pagbabayad ng mga gastusin. Kung madalas na nagbabago ang bilang ng tao sa sambahayan ng aplikante, pakisaad ang pinakamadalas na bilang ng tao sa sambahayan.

Kabuuang kita ng sambahayan, bago ibawas ang buwis, sa nakalipas na 12 buwan.

Kasalukuyang address ng tirahan. Ang impormasyong ito ay kailangang mailagay nang tama, kung hindi ay maaari itong makaapekto sa pagsusumite ng aplikasyon. Kung walang address ng tirahan ang isang aplikante, maglagay ng mailing address.

Ang lahat ng kwalipikado at walang duplicate na aplikasyon na matatanggap sa panahon ng aplikasyon sa pampublikong lotto ay ipapasok sa pampublikong lotto. Hindi nag-iiba ang tsansa ng aplikante na mapili sa lotto, siya man ay mag-apply online o sa telepono.

Nakikipagtulungan ang Fresh Bucks sa mga lokal na organisasyon at pangkalusugang klinika na nasa komunidad para makapag-enroll ng mga kwalipikadong tao na tatanggap ng mga benepisyo ng Fresh Bucks. Kung nagsumite ng aplikasyon ang isang aplikante sa tulong ng partner na organisasyon, hindi niya kailangang magsumite ng aplikasyon sa Pampublikong Lotto.

May mga tanong? Bumisita sa SeattleFreshBucks.org o tumawag sa 206-684-2489.

Fresh Bucks | Seattle Office of Sustainability & Environment

Ang Fresh Bucks ay pinopondohan ng Sweetened Beverage Tax ng Lungsod ng Seattle at pinapangasiwaan ng Office of Sustainability & Environment ng Seattle.

Tagalog